

## PINAKAMABABA NA SAHOD

Ang Ordinansa sa Pinakamababa Sahod ng Chicago ay nagtatakda ng pinakamababa na sahod para sa mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ng mga heograpikal na hangganan ng Lungsod. Tataas bawat taon ang minimum na sahod sa ika-1 ng Hulyo at na-a-adjust para sa inflation mula noong umabot

| \$ MINIMUM NA                                         |                                                     |                             |                                     |          |
|-------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|-----------------------------|-------------------------------------|----------|
| PAGTATAKDA NG MINIMUM NA SAHOD SA CHICAGO (MCC 6-105) |                                                     |                             |                                     |          |
| Hulyo 1, 2025, Petsa ng Pagkabisa                     | Karaniwang Taga-empleyo<br>4 o higit pang empleyado | Mga Kabataang<br>Manggagawa | Mga Manggagawang Tumatanggap ng Tip |          |
|                                                       |                                                     |                             | Karaniwang Taga-empleyo             | Kabataan |
| Minimum na Sahod                                      | \$16.60                                             | \$16.50                     | \$12.62                             | \$12.54  |
| Minimum na Sahod sa Overtime                          | \$24.90                                             | \$24.75                     | \$20.92                             | \$20.79  |

**Dapat makatanggap ang lahat ng Kasambahay (Domestic Worker) ng hindi bababa sa \$16.60 na minimum na sahod.**  
Kung ang may tip na sahod kasama ang mga tip ay hindi katumbas ng minimum na sahod, dapat bayaran ng Taga-empleyo ang kulang.

## KREDITO NG MAY TIP NA SAHOD NG CHICAGO

Simula sa Hulyo 1, 2024, sisimulan ng Chicago ang 5-taong pag-phaseout sa kredito ng may tip na sahod nito. Ang kredito ng may tip na sahod ay 40% ng buong minimum na sahod ng Chicago hanggang Hunyo 30, 2024. *Kung ang may tip na sahod kasama ang mga tip ay hindi katumbas ng minimum na sahod, dapat bayaran ng Taga-empleyo ang kulang.*

Pag-phaseout sa Kredito ng May Tip na Sahod

- Hulyo 1, 2024, ang kredito ng may tip na sahod ay mababawasan sa 32% ng Minimum na Sahod ng Chicago
- Hulyo 1, 2025, ang kredito ng may tip na sahod ay mababawasan sa 24% ng Minimum na Sahod ng Chicago
- Hulyo 1, 2026, ang kredito ng may tip na sahod ay mababawasan sa 16% ng Minimum na Sahod ng Chicago
- Hulyo 1, 2027, ang kredito ng may tip na sahod ay mababawasan sa 8% ng Minimum na Sahod ng Chicago
- Hulyo 1, 2028, walang kredito sa tip na sahod ang iiral, ang mga manggagawang may tip ang bubuo sa Minimum na Sahod ng Chicago.

### SINO ANG SINASAKLAW?

Saklaw ng mga Ordinansa ng Chicago ang mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ng mga heograpikal na hangganan ng Chicago, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o ang lokasyon ng kanilang taga-empleyo. Kung ang iyong reklamo o partikular na sitwasyon ay hindi napapailalim sa hurisdiksyon ng OLS, isasangguni ka namin sa naaangkop na ahensya para sa tulong.

### LABAN SA PAGHIHIGANTI

Labag sa batas para sa sinumang taga-empleyo na mandiskrimina o gumawa ng anumang masamang pagkilos laban sa sinumang indibidwal bilang paghihiganti para sa paggamit ng anumang karapatan sa ilalim ng Mga Batas sa Paggawa ng Chicago. Nalalapat ito sa sinumang naghahayag, nag-uulat o nagpapatotoo tungkol sa anumang probisyon ng batas, o isang tuntuning ipinahayag sa ilalim nito.

### ANG GINAGAWA NAMIN

- Pagsisiyasat sa Mga Reklamo
- Magbigay ng outreach at edukasyon sa mga manggagawa
- Magbigay ng outreach at edukasyon sa mga taga-empleyo
- Mga mapagkukunan at pagsasangguni
- **Libre ang lahat ng serbisyo**



# TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG CHICAGO

## PINAKAMABABA NA SAHOD

### MGA KAHULUGAN

- **SINAKLAW NA EMPLEYADO**- isang Empleyado, na, sa alinmang dalawang linggong panahon, ay nagsasagawa ng hindi bababa sa dalawang (2) oras ng trabaho para sa isang Taga-empleyo habang pisikal na naroroon sa loob ng mga heyograpikong hangganan ng Lungsod.
- **TAGA-EMPLEYO**- sinumang may napapakinabangang trabaho ng hindi bababa sa isang Empleyado.

### KASAYSAYAN NG MINIMUM NA SAHOD SA CHICAGO

| Taon                                                                                         | Maraming Empleyado | Kaunting Empleyado | Kabataan | Maraming May Tip na Empleyado | Kaunting May Tip na Empleyado | May Tip na Kabataan |
|----------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------|--------------------|----------|-------------------------------|-------------------------------|---------------------|
| 2020                                                                                         | \$14               | \$13.50            | \$10     | \$8.40                        | \$8.10                        | \$6                 |
| 2021                                                                                         | \$15               | \$14.00            | \$11.00  | \$9                           | \$8.40                        | \$6.60              |
| 2022                                                                                         | \$15.40            | \$14.50            | \$12.00  | \$9.24                        | \$8.70                        | \$7.20              |
| 2023                                                                                         | \$15.80            | \$15.00            | \$13.50  | \$9.48                        | \$9.00                        | \$8.10              |
| Simula sa Hulyo 1, 2024, wala nang pagkakaiba sa pagitan ng Malaki at Maliit na Taga-empleyo |                    |                    |          |                               |                               |                     |
| 2024                                                                                         | \$16.20            | NA                 | \$15.00  | \$11.02                       | NA                            | \$10.20             |

